# "PAGBASA ANG LUNAS, TAGUMPAY ANG BUNGA"

*by:*
**CRISTINE JOY C. PASCUAL**
*Teacher I, Kanawan Integrated School*

Sa mundong mabilis ang pagbabago at teknolohiya ang nangingibabaw, mahalagang muling itampok ang isang kasanayang hindi kailanman kumupas—ang pagbabasa. Ang kasanayang ito ay hindi lamang isang akademikong kinakailangan kundi isang pundasyong humuhubog sa isipan, damdamin, at kinabukasan ng bawat mag-aaral. Sa likod ng mga letra at salita, may taglay na kapangyarihan ang pagbasa upang pagalingin ang kakulangan sa kaalaman, ituwid ang maling pag-unawa, at gabayan ang kabataan patungo sa tagumpay. Tunay nga, Pagbasa ang Lunas, Tagumpay ang Bunga.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang pagbasa ay lunas sa kamangmangan. Kapag natutong bumasa ang isang bata, unti-unti niyang nabubuksan ang pinto ng karunungan. Sa bawat kwento, artikulo, tula, o sanaysay, nadaragdagan ang kanyang kaalaman sa iba't ibang paksa—mula sa agham, kasaysayan, wika, at maging sa kultura ng iba't ibang lahi. Siya ay may mas malawak na pananaw at mas malalim na pang-unawa sa mundong kanyang ginagalawan bilang resulta. Sa tulong ng pagbabasa, naibubuwag ang mga hadlang na dulot ng kakulangan sa impormasyon, at napapalitan ito ng katalinuhan, kaisipan, at kritikal na pag-iisip.

Higit pa sa intelektwal na aspeto, ang pagbasa ay lunas din sa emosyonal at moral na aspeto ng mag-aaral. Sa pagbabasa, natututo siyang makiramay, makinig, at unawaing mabuti ang damdamin ng iba. Sa mga akdang pampanitikan na kanyang nababasa, naiintindihan niya ang iba't ibang perspektibo at natututo siyang gumalang sa damdamin, paniniwala, at karanasan ng kanyang kapwa. Dahil dito, nahuhubog ang kanyang pagkatao at nadaragdagan ang kanyang kabutihang-asal.

Ang pagbasa rin ay susi sa tagumpay. Maraming matagumpay na indibidwal sa iba't ibang larangan—guro, doktor, manunulat, negosyante, at iba pa—ang nagsasabing ang kanilang kaalaman at tiwala sa sarili ay nag-ugat sa kanilang hilig sa pagbabasa noong sila'y mga estudyante pa. Ang kasanayang ito ay nagsilbing gabay nila sa pagsusuri ng mga sitwasyon, paggawa ng matalinong desisyon, at pagharap sa mga hamon ng buhay. Sa simpleng pagbabasa ng isang bata, maaaring magsimula ang pangarap na maging mahusay na lider, mananaliksik, o imbentor.

Sa mga paaralan, ang pagbibigay ng sapat na oras sa pagbabasa ay napakahalaga. Hindi ito dapat ituring na pansingit lamang sa araling pormal kundi isang pangunahing bahagi ng edukasyon. Kailangang suportahan ng mga guro at magulang ang mga mag-aaral sa pagpapaunlad ng kasanayang ito—sa pagbibigay ng babasahing akma sa kanilang antas, pag-uusap tungkol sa mga binasang akda, at paghinihimok silang isama ang pagbabasa sa kanilang pang-araw-araw na gawain. Ang pagbabasa ay hindi palaging ginagawa para sa mga grado. Ito ay kasangkapan sa paghubog ng isang matalinong kabataan na handang harapin ang hamon ng makabagong panahon. Sa bawat pahina ng binabasang aklat, may aral na natutunan; sa bawat kwento, may pangarap na nabubuo.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

DepEd (2017). National Reading Program Guidelines. Department of Education, Philippines.

Krashen, S. (2004). The Power of Reading. Libraries Unlimited.

UNESCO (2021). The Power of Literacy: A Key to Development